



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0031
Title	<b>Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help (ZMORPH) Package for the Fitting of External Lower Limb Prosthesis Below the Knee (<i>Revision 1</i>)</b>

Tanong	Sagot
1. Ano ang ZMORPH?	Ang ZMORPH o Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help ay benepisyong sa ilalim ng Z Benefits na nagbibigay probisyon para sa assistive devices kagaya ng pagsukat at paglagay ng angkop na prosthesis mula sa ibaba ng tuhod o below the knee.
2. Ano-ano ang mga benepisyong na maaaring makuha sa pakete ng ZMORPH?	Ang ZMORPH ay para sa mga pasyente na may below the knee amputation at maaaring mabigyan ng prosthesis.  Ito ay nagkakahalaga ng 15,000 pesos kada laterality at 30,000 pesos kung parehong laterality ang apektado.
3. Sino ang maaaring makagamit ng benepisyong sa ilalim ng ZMORPH?	Ang lahat ng benepisyaryo ng PhilHealth na may edad 18 taong gulang pataas ay maaaring makagamit ng ZMORPH kung sila ay makapapasa sa selection criteria batay sa benepisyong nais nilang gamitin, na nakasaad sa pre-authorization request form.  Ang pre-authorization request form ay isusumite ng contracted health facility sa PhilHealth upang aprubahan bago maibigay ang kaukulang serbisyo.
4. Ano ang pre-authorization?	Ang pre-authorization ay isang proseso ng pag-apruba ng PhilHealth sa aplikasyon ng pasyente na isinusumite ng isang contracted health facility upang matiyak na ang pasyente ay sinuri at kwalipikado sa criteria na nakasaad sa polisiya ng ZMORPH.  Ang aprubadong pre-authorization ay kailangan mula sa PhilHealth bago maibigay ang benepisyong. Ang pre-authorization ay ipoproceso ng PhilHealth sa loob ng pitong (7) araw na may pasok (working days) simula nang matanggap ang aplikasyon.
5. Ano ang mga kailangang isumite ng isang contracted health facility	Ang isang contracted health facility para sa ZMORPH ang siyang magpoproseso ng pre-authorization request ng kanilang pasyente.  Kailangang isumite sa PhilHealth Regional Office (PRO) kung saan





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0031
Title	<b>Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help (ZMORPH) Package for the Fitting of External Lower Limb Prosthesis Below the Knee (<i>Revision 1</i>)</b>

upang aprubahan ang pre-authorization ng pasyente?

silang nasasakop ang mga sumusunod:

- Orihinal na kopya ng pre-authorization checklist and request; at
- Photocopy ng Member Empowerment Form (ME) Form

Ang PhilHealth Benefit Eligibility Form (PBEF) ang pangunahing patunay kung eligible ang isang miyembro sa paggamit ng benepisyo. Ang PBEF na may nakalagay na "YES" ay indikasyon na ang isang miyembro o ang kanyang benepisyaryo ay maaring makagamit ng PhilHealth. Ang kopya ng Member Data Record (MDR) at Claim Form 1 ay hindi na kailangang isumite.

Kung ang PBEF naman ay may nakalagay na "NO," ito ay indikasyon na kailangang mag-update ang miyembro ng kanyang datos o impormasyon sa PhilHealth. Maaaring pumunta sa PhilHealth CARES na nakadestino sa loob ng pasilidad upang tingnan ang estado ng kanyang membership record o ipakita ang pruwera ng kanyang kontribusyon o kaya ay Claim Form (CF) 1.

Kailangan din na may natitirang kahit isang (1) araw mula sa 45 days annual benefit limit bago mag-enroll sa Z Benefits ang pasyente.

6. Saan maaaring makipag-ugnayan kung nais ng pasyente na mag-enroll sa ZMORPH?


Ang lahat ng nakontratang health facilities sa ilalim ng Z Benefits kagaya ng ZMORPH ay may nakatalagang Z Benefits Coordinator na maaaring puntahan ng isang pasyente kung nais niyang magtanong at mag-enroll sa nasabing programa.

Ang Z Benefits Coordinator ang siyang gagabay sa pasyente, magbibigay ng tamang impormasyon at siyang makikipag-usap sa PhilHealth tungkol sa estado ng pre-authorization ng pasyente.

Ang listahan ng mga contracted health facilities para sa ZMORPH ay maaaring makita sa opisyal na PhilHealth website:

**[www.philhealth.gov.ph](http://www.philhealth.gov.ph)** o maaari ding kopyahin ang direktang



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0031
	Title	<b>Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help (ZMORPH) Package for the Fitting of External Lower Limb Prosthesis Below the Knee (<i>Revision 1</i>)</b>

	URL na:  <a href="https://philhealth.gov.ph/partners/providers/institutional/map/">https://philhealth.gov.ph/partners/providers/institutional/map/</a> at pindutin lamang ang Z Benefits Contracted Health Care Institutions.
7. May babayaran pa ba ang isang miyembro kung siya ay nasa ilalim ng programa ng ZMORPH?	<p>Ang benepisyo ay dapat awtomatikong ibabawas sa bayarin mula sa isang contracted health facility. Subalit kung ang isang pasyente ay ninais ng mga karagdagang serbisyo o kaya naman ay nag-upgrade ng mga serbisyo kagaya ng materyales na gagamitin sa mga assistive devices, siya ay magkakaroon ng karagdagang bayad matapos maibawas ang benepisyo ng PhilHealth.</p> <p>Ito ay dapat na maayos na naipaliwanag at napagkasunduan ng pasyente at ng kanyang doktor bago magsimula ang pagbibigay ng serbisyo. Ang pagpirma ng pasyente o ng kinatawan niya sa Member Empowerment (ME) Form ay patunay na naintindihan niya ang nilalaman ng nasabing form at ang pinagkasunduan nila ng kanyang doktor.</p> <p>Dagdag dito, anumang karagdagang bayarin ng pasyente ay hindi dapat lalampas sa itinakdang benepisyo ng Z Benefits ayon sa napagkasunduan ng ospital at PhilHealth na nakapaloob sa bawat kontrata ng Z Benefit Package.</p>
8. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth para sa benepisyong ZMORPH?	Ang contracted health facility para sa Z Benefits ay ang siyang magsusumite ng aplikasyon ng pasyente sa PhilHealth kasama ang mga kinakailangang dokumento. Direktang ibabayad ng PhilHealth ang halaga ng benepisyo sa contracted health facility na nagbigay ng serbisyo sa pasyente.
9. Paano maging isang PhilHealth Contracted Health Facility para sa ZMORPH?	Upang maging kabahagi ng ZMORPH ang isang health facility, siya ay makikipag-kontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng Korporasyon. Prayoridad na sumali ang lahat ng mga pambulikong pagamutan na may kakayahang maibigay ang lahat ng kinakailangang serbisyong nakapaloob sa ZMORPH.



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0031
Title	<b>Z Benefits for Mobility, Orthosis, Rehabilitation, Prosthesis Help (ZMORPH) Package for the Fitting of External Lower Limb Prosthesis Below the Knee (<i>Revision 1</i>)</b>

Gayunpaman, pinapayagan ng PhilHealth na sumali ang mga pribadong pagamutan sa mga lugar na walang pampublikong ospital o may kakayahang makapagbigay ng kinakailangang serbisyo lalo na sa mga lugar na nasa ilalim ng GIDAs (Geographically Isolated and Disadvantaged Areas).

Kaakibat nito, nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente na hindi dapat lalagpas sa benepisyo ng ZMORPH kung sakaling may karagdagang babayaran.

Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng ospital o pagamutan sa PhilHealth Regional Offices na nakasasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at sa iba pang karagdagang impormasyon.

